THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The *ayes* have it; the motion is approved.

House Bill No. 8175 is hereby approved on Second Reading.

The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. ORTEGA (V.). Mr. Speaker, I move for a few minutes suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is suspended.

It was 3:44 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 3:54 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

REP. ALONTE. Mr. Speaker, may we be allowed to acknowledge the presence of the guests of Deputy Speaker Raneo "Ranie" E. Abu and they are from the Soroptimist International in the Municipality of Mabini, Second District of Batangas, headed by Dr. Rowena Hernandez.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The guests of the Deputy Speaker, the Honorable Abu, welcome to the House of Representatives. (*Applause*)

The Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 8165

Continuation

REP. ALONTE. Mr. Speaker, I move that we resume the consideration of House Bill No. 8165, contained in Committee Report No. 842, as reported out by Committees on Government Reorganization, National Defense and Security, and Appropriations.

May I ask that the Secretary General be directed to read only the title of the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General is directed to read only the title of the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 8165, entitled: AN ACT CREATING THE DEPARTMENT OF DISASTER RESILIENCE, DEFINING ITS POWERS AND FUNCTIONS, AND APPROPRIATING FUNDS THEREFOR.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

REP. ALONTE. Mr. Speaker, I move that we recognize the Chairperson of the Committee on National Defense and Security Cong. Joey Sarte Salceda of the Second District of Albay, to sponsor the measure.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Hon. Joey Salceda is recognized.

You are recognized, Sir.

REP. SALCEDA. Thank you, Mr. Speaker. The Committee is ready to answer.

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. ALONTE. Mr. Speaker, I move that we open the period of sponsorship and debate.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. ALONTE. Mr. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from the Lone District of Iligan City, Rep. Frederick W. Siao.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Honorable Siao is recognized.

REP. SIAO. Thank you, Mr. Speaker.

In 2011, I witnessed first-hand the horrors of tropical storm Sendong which killed thousands in Mindanao, and heavily hit my hometown of Iligan City. The damaged crops and infrastructure affected the lives of over 65,000 families. That was seven years ago, Mr. Speaker. I was then a member of the Sangguniang Panlungsod of the City of Iligan.

Today, a masterfully crafted bronze structure of a girl riding a log serves as a memorial for us of that fateful moment in our city's history. The sculpture is based on the story of one of the survivors, the little girl who, to outlive flash floods, rode a log from Barangay Digkilaan, Iligan City and was safely recovered in the Municipality of Bacolod in the province of Lanao del Norte. The epic ride's total distance covered over 90 kilometers.

In the same way that the bronze model was made a year after Sendong, the Nationwide Operational Assessment of Hazard (Project NOAH) was created. Like the resilience of the girl who rode a log, the creation of Project NOAH has given us hope for the future. From the time it was established, Project NOAH researchers have provided reliable and timely information that empowers communities, which results in my constituents having a feeling of security in knowing that lives will be saved from the threats of natural hazards.

For this reason, I, as the Representative of Iligan City, strongly recommend that Project NOAH be heavily supported by the national government. I recommend that Project NOAH be attached to the proposed Department of Disaster Resilience (DDR) being crafted by Congress. I recommend that Project NOAH be linked to the soon-to-be formed Department of Disaster Resilience for coordination and liaison

purposes, in the same way that agencies PAGASA and PHIVOLCS will become attached agencies of the DDR as provided in the consolidated bill entitled: DISASTER RESILIENCE ACT of 2018, approved this August by the Joint Committees on National Defense and Government Reorganization. However, it would still be good for Project NOAH's headquarters to stay at the University of the Philippines so it will retain its focus on facts and sciences, as well as interface with the social sciences, while being partly insulated from the organizational politics of a Cabinet-level department.

Project NOAH can be strengthened so that it can have more management flexibility and operations maneuverability, and really be like most attached agencies. It is of utmost importance that Project NOAH becomes an integral part of the country's calamity mitigation, adaptation and response efforts through regular funding under the Department of Disaster Resilience.

With that, Mr. Speaker, I would like to end my manifestation.

Thank you, Mr. Chairman, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

REP. ALONTE. Mr. Speaker, as the next Member who wishes to interpellate, may we recognize Rep. Tomasito "Tom" S. Villarín from the Party-List AKBAYAN.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Honorable Villarín is recognized.

REP. VILLARIN. Thank you, Mr. Speaker.

Would the good Sponsor be open to some questions?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. VILLARIN. Mr. Speaker, dear colleagues, this proposed measure seeks to amend the existing disaster response framework of the government. Since this measure also would, in a way, replace the existing framework, the law that was passed sometime in 2010, my initial query on this matter, Mr. Speaker, good Sponsor, would be, was there a comprehensive review? I think under the 2010 law, after five years of the law's implementation, there should be a comprehensive review.

REP. SALCEDA. Unang-una, Mr. Speaker, Your Honor, in this Bill actually, sa pinaka-una pong draft na ginamit ay nakabase po doon sa resulta o output ng sunset review na nagsimula noong May 16, 2015

hanggang sa natapos ng bandang Mayo ng 2016. Halos isang taon po ang sunset review, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. VILLARIN. Noong 2015, kasi mayroon po tayong sinasabi na, basically, the weaknesses of the law ...

REP. SALCEDA. Opo.

REP. VILLARIN. ... can we enumerate, base doon po sa ating review, kung ano iyong mga katangi-tanging pagkukulang ng ating Philippine disaster risk reduction and management policy, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Iyong pinakabuod po, Mr. Speaker, Your Honor, kasi iyong insight po ay nanggaling sa panahon noong mangyari po ang Yolanda, may batas na po tayo, Republic Act No. 10121, na pinirmahan noong 2010 subalit po, marami pa ring namatay at marami pa rin po ang na-damage. Samakatuwid, Mr. Speaker, Your Honor, noong sinuri ay mukhang iyong pong kapasidad ng Estado natin na gampanan ang kanyang tungkulin sa harap po o sa gitna ng lahat ng peligro po, whether climatological or hydrometeorological or geological, ay hindi po nabuo. Samakatuwid, Mr. Speaker, Your Honor, doon po sa Yolanda, nagpapatunay po iyong kakulangan ng gobyernong nasyonal upang matugunan po iyong isang pangyayari, halimbawa po, katulad ng Yolanda. Ang pinakabuod po nito ay isang catastrophe subalit inasa po natin, dahil iyon naman po talaga ang tama, doon po sa local government. Samakatuwid, noong itinakbo po natin para harapin iyon, ay mukhang nagkulang dahil iyong ating balangkas, iyong ating organisasyon ay isang konseho at hindi isang departamento.

Actually, ang NDRRMC po, Mr. Speaker, Your Honor, ay isang konseho ng halos lahat ng mga departamento po, kung saan may ina-assign na po para sa disaster preparedness, may ina-assign na po sa warning, may ina-assign na po sa response and relief, at may ina-assign na, halimbawa po, sa pagpapanumbalik o building back at iyan po ang NEDA. So, ito pong halos na pagka-segmented o iyong pagka-diffused ng functions over so many departments, Mr. Speaker, Your Honor, iyan po ay isa sa mga naging weakness noong balangkas, kaya ang batas na ito o Republic Act No. 10121 organized the local effort pero ito pong pinapanukala po natin, organizes the national effort.

REP. VILLARIN. Samakatuwid, sinasabi po ng G. Iponsor, Mr. Speaker, dahil sa nangyari noong Yolanda, okay, ang naging problema natin sa ngayon ay iyong batas dahil iyong batas na iyan ay isang konseho.

REP. SALCEDA. Opo. Tama po.

REP. VILLARIN. Dito sa ating panukala ay mayroon dalawang iki-create—the Department of Disaster Resilience at ang National Disaster Resilience Council.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Samakatuwid, mayroon pa rin po kayong konseho, mayroon kayong isang departamento na kung saan, sabi natin, unang-una, ang usapin sa disaster ho ay talagang hindi kaya iyan ng isang departamento.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Ngayon, gusto natin mag-create ng isang departamento.

REP. SALCEDA. Iyong number one po, Mr. Speaker, Your Honor, iyong konsehong sinasabi diyan ay advisory board na lamang po at isang instrumento para sa isang whole of government approach, dahil nasabi na nga po na hindi na kaya ng iisa lang kung hindi ay kailangan magtulongan ang lahat ng mga instrumento ng Estado upang harapin po ang pataas nang pataas at patindi nang patinding epekto ng climate change, pati na mismo ang isang paghahanda sa ano mang puwedeng mangyari dahil po sa mga characteristics natin bilang isang bansa, lalong-lalo na ang geological. Subalit, para masagot ang inyong tanong, Mr. Speaker, Your Honor, halimbawa po, pagkatapos ng Yolanda, hanggang ngayon o limang taon na po ang nakalipas, wala pa po yata sa 20 percent ang na-relocate. Tinatanong ko po ang eksaktong data. Samakatuwid, Mr. Speaker, Your Honor, dahil po sa inasahan ho natin ito pagkatapos ng Yolanda, kailangan po tayong mag-create ng isang task force o isang office na tinatawag nating OPARR para isagawa ang rehabilitation at recovery doon sa affected areas ng Yolanda.

REP. VILLARIN. Kung ganoon po, Mr. Speaker, good Sponsor, ang sinasabi natin ay mukhang may problema o may samu't saring problema doon sa implementasyon. Hindi lamang siguro sa usapin ng pabahay dahil nga, again, ang sabi nga natin, sa isang national disaster framework, mayroong apat na yugto ...

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. ... o ang sinasabi nating stages of response. Kaya nga sa kasalukuyang batas, sa framework nito, mayroon kang preparedness. Nandito ang ating chairperson for disaster preparedness na nakalagak sa...

REP. SALCEDA. DILG.

REP. VILLARIN. ...DILG, at iyong sa disaster response, iyan po ay sa DSWD.

REP. SALCEDA. DSWD, tama po.

REP. VILLARIN. Sa prevention and mitigation ang DOST at sa recovery and rehabilitation ay...

REP. SALCEDA. Sa NEDA.

REP. VILLARIN. ...sa NEDA dahil ito ay pangmatagalan.

Ibig sabihin, iyong pagtugon po sa isang disaster ay isang komprehensibo, wholistic at talagang hindi kakayanin ng isang departamento. Kung ganoon po iyong magiging pagtanaw natin dito, ang nakakapagtaka, bakit kailangan magtayo ng isang departamento, dahil nga ang problema, ang sinasabing premise ay hindi ito kaya ng isang departamento lamang?

REP. SALCEDA. Ang mas hindi ho kaya, at iyon na po ang nangyari, na hindi ho kinaya noong existing framework, dahil po ito ay isang konseho, na-diffuse po iyong functions at naging kanya-kanya po ang asa o, kumbaga, access po doon sa mga kakailanganing pondo. Samantalang dito sa panukala po, iyong buong Calamity Fund ay magiging nasa ilalim mismo ng Departamento at ito na mismo ang accountable simula't sapul at wala na pong ibang puwedeng sisihin.

Halimbawa, una, sa risk reduction, dahil itong risk mitigation or prevention, iyan po ang pinakauna. Papaano halimbawa, maiaasa po sa DILG at sa DOST, samantala ang risk reduction ay napakalaking usapin po at kailangan po ng isang—halimbawa po, ako ang lahat, bilang isang dating gobernador, Mr. Speaker, Your Honor. Ang isang pinaka-instrumento po diyan ay comprehensive land use planning subalit ang DILG po, walang sapat o masasabi ho natin na marami silang mandato para po sa good governance, lalong-lalo na sa local governments, at isa lang po ito sa napakarami, kasama na diyan iyong pag-manage po ng peace and order. Samakatuwid po, kung hindi ginagawa, halimbawa, ng isang local government ang comprehensive land use planning at ang disaster-proofing, sa pagpapasok ng science dito, ang ating local government units ay overloaded na din po sa mga misyon na itinakda ng Kongreso.

Sa aking siyam na taon bilang Governor, hindi po kinakaya ng DILG na magbigay ng capacity building pero ang Departamentong ito, siya po mismo po ang ultimately responsible for building the capacity of the local governments in reducing the risk, essentially, through comprehensive land use planning, through

disaster-proofing and climate-proofing ng kanilang development programs.

REP. VILLARIN. Sang-ayon po ako doon na kailangan talagang tutukan iyong preparedness dahil nga sa kasalukuyang batas, nakatutok ang DILG sa disaster preparedness, hindi po iyong during and after noong pagtama ng isang disaster. Siguro, nang ginawa iyong batas noong 2010, kaya naatasan ang DILG, dahil alam naman natin na ang DILG ...

REP. SALCEDA. Ang nagsu-supervise sa amin.

REP. VILLARIN. Hindi lang sa nagsu-supervise kung hindi mayroon talaga siyang istruktura hanggang sa municipal level, mayroong mga MLGOO. Mayroon ding mga kaakibat na attached agencies like the Bureau of Fire Protection, at nandiyan din po ang sinasabi nating PNP sa ilalim ng Department of the Interior and Local Government. Samakatuwid, ang DILG ay isa ng komprehensibong institusyon o komprehensibong departamento, na kaya nito, kumbaga, tumagos hanggang munisipyo, hanggang barangay. Ngayon, kung iyan po ay tatanggalin natin at ilalagay sa isang departamento, sa tingin ho ninyo ay kaya ng Departamento na ito mag-deploy ng mga tagapag-ayos or gagawa ng disaster preparedness hanggang municipal or even barangay level?

REP. SALCEDA. Nandito po sa isa sa mga itinalaga na probisyon, Mr. Speaker, Your Honor, iyong mismong pagbubuo ng departamento upang mapangalagaan ang lahat ng local governments bilang isang partner ng national government para sa pag-reduce ng risk, sa pag-respond sa disaster at pagbibigay ng relief at samakatuwid, sa pagpapanumbalik o recovery and rehabilitation, Mr. Speaker, Your Honor. Ang isa lang naman po diyan—isa po itong judgment call ng Kongreso at ako naman po, bilang isa sa mga authors, base sa experience ko bilang dating Governor, nakikita ko po na sa panahon ng disaster, hindi po ako tumatakbo sa DILG, hindi po ako tumatakbo sa kanila. Iyan po ay nandito na po doon sa batas, and for six years dahil po ako ay Governor from 2007 to 2016, dahil mayroon po silang PLGOO pero iisa lang at mas kino-cover po nila iyong napakarami na mga ordinansa, batas, kasama na diyan iyong implementation ng ating Persons with Disability Law, kasama na diyan ang isang buong mundo ng mga batas na nagtalaga na ang LGU ang siyang magiging instrumento sa pag-implementa po ng napakaraming batas po.

Samakatuwid, Mr. Speaker, Your Honor, kapag ganito ang mga panahon, ako po ay tumatakbo talaga sa OCD dahil mas alam ko na mas mabibigyan po ng pansin ang kailangan po ng isang local government

unit upang harapin ang isang disaster o impending o imminent disaster.

REP. VILLARIN. Alam po natin na marami ding gawain at mga mandato ang mga LGU and in fact, even disaster preparedness ay kasama doon sa basic services na dapat paghandaan ng isang LGU. Naging kaakibat o partner ng isang LGU ang DILG at doon sa usapin ng planning mismo and in fact, sa paggawa noong mga plano, mga disaster risk plans, ay talagang hanggang barangay level ang kanilang mandato na iyan.

REP. SALCEDA. Hindi po.

REP. VILLARIN. Kasama po iyong LGU. Ang sabi ko nga, partners ang DILG at ang LGU pero isa sa primary na trabaho ng LGU ang paghandaan iyan. Anyway, ayon po doon sa mga nabanggit ninyong pag-aaral, iyong sunset review noong ...

REP. SALCEDA. Opo, noong 2015.

REP. VILLARIN. ... code, ang isa sa mga na-assess ay, una, weak coordination and collaboration among stakeholders. Ayon din sa DILG doon sa 2013 Preparedness Assessment Report, sinasabing, “There is much to be desired in terms of coordination between the national government agencies, LGUs, civil society organizations, volunteers and the private sector,” and that “The present structure where authority is shared renders it difficult to operate on an effective emergency management activities.” Ibig lang sabihin, hindi lang ito problema ng isang ahensiya kagaya ng DILG, dahil nga ang dami ng stakeholders. Ngayon, dito sa inyong panukala, ang sinasabi ninyo, kapag nagkaroon ng kapalpakan, kapag nagkaroon ng problema ...

REP. SALCEDA. Sila lang ang sisihihin.

REP. VILLARIN. ... isa lang ang sisihihin.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Okay. Dahil sila lang ang sisihihin, ang ibig lang sabihin, itong Department of Disaster Resilience ay bibigyan natin ngayon ng isang parang super power kasi kung hindi nga kaya ng iba't ibang ahensiya, biglang mayroon kang itatalaga ngayon na bagong Departamento with the presumption that this department ay kayang gawin ang hindi nakakayang mga 20 o 24 ahensiya na dapat ay nakatutok sa disaster preparedness.

Ganoon po ba ang premise natin dito, na kakayanin ng isang Department of Disaster Resilience iyong dapat

na trabaho sana ng 24 na ahensiya na dapat involved dito sa ating existing framework?

REP. SALCEDA. Iyong word na “coordination,” kayo na po mismo ang nag-bring up. Ang hirap talaga i-coordinate and in fact, if we test the logic of any proposition in its extreme, parang halos sabihin ko, except on cases where we need to call out other forces of the State, I think coordination should be internal, dapat po sa loob na mismo ng Departamento. Napakahirap po kung iyong 24—unang-una, kung minsan, mahirap po mag-meet mismo iyong 24. So, iyong various elements na kakailanganin ay dapat isagawa ng isang departamento para hindi na kailangan mismo iyong sinasabi nating weak coordination. In fact, it is better if we internalize or, in short, Your Honor, Mr. Speaker, ang kalaban po dito ng coordination is integration. This integration is essentially internal para po mas magawa po ng isang ahensiya ng gobyerno na properly empowered and properly funded.

Ang sinasabi ko, Your Honor, Mr. Speaker, iyong isang bagay na sinasabi natin na super agency, hindi naman po dahil iyong OCD ngayon ay hindi ho iisang maliit na ahensiya lang. Halos 600 lang po ang tao pero iyong po ang inatasan ng Republic Act No. 10121 na magsagawa ng mga koordinasyon na kakailanganin dahil po sila ang secretariat ng NDRRMC na isang konseho. Samakatuwid, Your Honor, Mr. Speaker, nili-lift lang nating iyong OCD sa karapat-dapat niya pong lebel kung saan po—halimbawa, kapag ang isang proposal sa loob ng Gabinete, dahil po isang Secretary ang umuupo po sa Gabinete, kapag may isang ipina-pass po na proposal, masasabi kaagad ng Secretary ng Disaster Resilience, “Ah, tataas ang risk niyan kung isasagawa natin iyang panukalang iyan ng DPWH or ng DOTr.” Sa ngayon po, wala hong gagawa noon, kanya-kanyang analysis po. Kung mayroon ho tayong Secretary na may Cabinet portfolio, lahat po ng mga proposals na dumadaan sa Gabinete ay magkakaroon na po o masasabi nating mas magiging receptive na po sila sa idea po na dapat, from planning up to implementation, kasama ang pagkonsidera ng risk reduction po para po mas maiwasan ho natin ito, lalong-lalo na ang mga human-induced disasters po, Your Honor, Mr. Speaker.

REP. VILLARIN. Again, nire-raise ko po itong, hindi ba, comparison between the present and now as proposed...

REP. SALCEDA. Opo.

REP. VILLARIN. ... dahil unang-una nga, ang usapin dito ay preparedness at capacity din ng ating mga LGUs.

REP. SALCEDA. Opo. Tama po.

REP. VILLARIN. Ayon din doon sa sinasabi nating sunset review in 2013, only 23 percent of LGUs located in low-lying flood-prone areas ay may preparedness, ay may capacity para sa pagsagawa ng mga sabihin na nating measures, either mitigating measures o kaya measures na paghahanda. Kadalasan, ang sinasabi ngayon ng mga LGUs ay, una, kakulangan ng pera. Sinasabi nila na sa dami-dami nilang mandato, iyong sinasabing five percent na Calamity Fund, of which 70 percent should be used for preparedness, ay talagang kulang. Ngayon, magtatalaga tayo ng isang Department of Disaster Resilience. Samakatuwid, itong kakulangan ng mga LGUs ay pupunuan ba ng Department of Disaster Resilience hinggil sa usapin ng pondo?

REP. SALCEDA. Unang-una po, Your Honor, Mr. Speaker, halimbawa, kung wala tayong gagalawin except iyong creation ng Department of Disaster Resilience, mas madali po ang call-out, ibig sabihin, ang magtawag and so, lahat po ng kailangan nila mula preparedness, capacity-building, response, relief, pati na po rehabilitation, isa na lang po ang kausap nila. Pangalawa po, nakapaloob po dito sa batas ang pagpataas po ng porsiyento ng buong IRA ng isang local government, ng isang LGU po, na mula five percent, papunta po ito sa seven percent, kung saan po 80 porsiyento ang ilalagay po sa preparedness at 20 percent po sa Quick Response Fund. Pangatlo po, mayroong pondo po ito—that for third to sixth-class provinces and municipalities, to wit:

There shall be in the annual General Appropriations Act an amount allotted solely for the use of third to sixth-class provinces and municipalities for the purpose of augmenting their LDRF with respect to plans, programs, projects, and procurement for climate change adaptation, disaster risk prevention, mitigation and reduction.

So, the requirements to avail of these funds should be laid down in the rules and regulations to be promulgated by the Secretary. So, it is a two-pronged approach, Mr. Speaker, Your Honor.

REP. VILLARIN. So, ibig sabihin, mayroong ia-allocate mula sa ating GAA para doon sa mga munisipyo?

REP. SALCEDA. Opo, third to sixth.

REP. VILLARIN. Third to sixth. Okay. Iyan po ay parang ina-augment natin ang kanilang Calamity Fund.

REP. SALCEDA. Tinaasan din po natin—and we are empowering them essentially po, Mr. Speaker, by

increasing the amount of their total IRA that can be used for their Calamity Fund from five percent to seven percent at mula doon sa seven percent po, 80 percent will be put in disaster preparedness or disaster risk reduction, at 20 percent po ang para sa Quick Response Fund. Ang isa pa po dito ay sila po ay, for five years, na-waive po iyong LGC na, kaya nga po sinabi ninyo kanina na 23 percent, ang pinaka-cause po niyan ay dahil wala po silang permanente na LDRRMO—local disaster ...

REP. VILLARIN. Official.

REP. SALCEDA. ... risk reduction management officer, dahil nga po lampas na, kalimitan—sa dami po ng ibinigay nating mga mandato sa LGU na, kumbaga, ino-offload ng national government ay kinukulang na po iyong pera nila para po mapunuan ito. So, sobrang-sobra na po ang kanila—para sa limang katao, for how many years? Five years na po naka-waive iyong PS ceiling para sa mga local government units.

REP. VILLARIN. Samakatuwid, dito sa kanilang IRA, tataasan ito from five percent for the Calamity Fund at gagawing seven percent?

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Doon sa third to sixth-class municipalities, may direct subsidy na ibibigay iyong Department of Disaster Resilience?

REP. SALCEDA. Tama po, ilalagay po sa kanilang pondo.

REP. VILLARIN. Ibig sabihin, ang pondo na iyan, kahit na wala pa iyong bagyo o wala pa iyong disaster, from 70 percent ay gagawing 80 percent.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Ito iyong paggagamitan para sa disaster preparedness.

REP. SALCEDA. Para sa drainage, para sa, ano tawag diyan, slope protection, iyong lahat po ng mga bagay na puwede pong magpabawas ng pagbaha and therefore, pagbawas po ng ...

REP. VILLARIN. In specific economic terms, ilang pesos per, ang sinasabi natin—I mean, per constituent or tao, ang ating ina-allocate o ang target allocation for disaster preparedness ayon sa inyong panukala.

REP. SALCEDA. Sa current IRA, Mr. Speaker, ang nakalagay po ay five percent ng P650 billion and so, roughly po, nasa P35 billion, P40 billion—P42

billion po ang nasa Calamity Fund, plus mula sa national government po, may P20 billion. Sa kabuuan po, ang atin pong Estado, the government as a whole, has P60 billion to P62 billion allotted for calamities, Mr. Speaker.

REP. VILLARIN. So, P42 billion out of the P620 billion na IRA?

REP. SALCEDA. Six hundred fifty po.

REP. VILLARIN. Or six hundred twenty if based doon sa bago.

REP. SALCEDA. Sa 2019 po Mr. Speaker.

REP. VILLARIN. So, ang sinasabi natin, with that new framework in terms of disaster preparedness ay kayang matugunan anuman iyon puwedeng...

REP. SALCEDA. Ay, hindi po.

REP. VILLARIN. Hindi pa rin?

REP. SALCEDA. Hindi po kaya kasi—usually po, kaya mayaman ang isang lugar ay dahil po kulang sa risk. Kung sino ang mahirap, mas marami ang risk kaya kailangan po talaga ng spatial transfer. Ang ibig sabihin, from the central ay kailangan po mag-transfer ng resources para ma-reduce o ma-close po iyong gap between the resources and the risk, Mr. Speaker.

REP. VILLARIN. So, ang sinasabi ninyo, dahil kulang ito ay mas makakabuti kung decentralized iyong sinasabi nating ...

REP. SALCEDA. Actually, iyong DDR po is one of the biggest arguments po for federalism kung titingnan po ninyo, except that, Mr. Speaker, kakailanganin po talaga—kasi mas alam nila kung sino po ang namamatay, mas alam po nila kung sino ang nasa peligro. Nandoon na po sila pero ang kaso po, iyong puwedeng gumawa noon ay mga biktima din tulad po ng nangyari sa Yolanda.

Samakatuwid, Your Honor, Mr. Speaker, halimbawa dito, mas ma-manage ang isa pong benepisyo ng batas na ito, iyong atin pong Department of Disaster Resilience, kung nakamandato po sa kanila na magtalaga po o mag-build ng mga warehouses o logistical center sa labas po ng mga puwede pong tamaan kasi kung minsan po, halimbawa, iyong mga kalsada, iyong mga iba't ibang means of transportation ay sarado na po. Samakatuwid po, you can only assist from the outside, Your Honor, Mr. Speaker. Ito po iyong isang bagay na makakatulong po sa atin.

REP. VILLARIN. Ibig sabihin, itong bagong departamento malaki din ang kailangan na allocation for capital outlay?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. VILLARIN. Gaya ng mga barko, kung saan iimbakin iyong mga emergency relief goods.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Kailangan rin nito ng mga heavy equipment para sa immediate na pagtugon o pag-deploy.

REP. SALCEDA. Kahit naman po iyong nangyayari sa amin po sa Albay, ang dami po, iyong tatawag kami sa DPWH, inaasa rin naman po sa mga contractor, pinapapakiusapan sila, dahil simula po noong itinalaga ng World Bank na contracting agent sila—contract planning—contracting and monitoring agent sila ng DPWH, iyong kanilang pansariling mga equipment ay halos nangawala na po kasi wala na, halos wala naman po talagang equipment ang atin pong DPWH. Kaya kailangan po talaga itong DDR at mandato po nila na magkaroon ng kumpletong weaponry against disaster.

REP. VILLARIN. So, again, as I have said, the logistics and the capital outlay needed for this Department in the coming years would really add up to our budget.

REP. SALCEDA. Tama po. Sa ngayon po, iyong kanilang gastos ay mga nasa P1.4 billion, at sa tingin ko, for a fully-functioning DDR, it will need about, at least on the first year, P10 billion.

REP. VILLARIN. P10 billion?

REP. SALCEDA. Yes, Your Honor, Mr. Speaker.

REP. VILLARIN. Okay. Now, on the aspect of prevention and mitigation because, again, disaster preparedness and even response in anticipation of avoiding the hazards or mitigating the effects of typhoons and even man-made calamities, it is very clear in the existing law that this is science-based, base sa siyensiya.

REP. SALCEDA. Opo. Nakamandato po dito na dapat ...

REP. VILLARIN. Kaya po ang mandato ay nasa DOST.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Alam natin na sa DOST, mayroon itong very peculiar na mga ahensiya like iyong PAGASA, iyong PHIVOLCS, na sila ang tanging mga ahensiya na may kasanayan at highly-skilled na mga personnel. Dito ho sa ating Department of Disaster Resilience, ano ho ang mangyari sa atin?

REP. SALCEDA. Kinukuha po ng DDR para ho, number one, hindi na ho kailangan pong umulit. Pangalawa po, based on the experiences of other countries, ang PAGASA po na ipinanganak po sa Armed Forces of the Philippines ay nailipat lang po talaga base sa EO 262 ni Presidente Cory na nagtalaga po nito sa ilalim ng DOST. Doon po sa United States, ngayon po, ang PAGASA po doon, ang National Weather Service ay nasa ilalim po ng Department of Trade and Industry dahil nga po ito po ang nangangailangan sa kanila, at iyong buong NOAA na tinatawag ay nasa ilalim po ng Department of Trade and Industry. Iyong PHIVOLCS naman ay nasa ilalim ng Department of Interior doon po sa United States.

Ang sinasabi ko lang po, Your Honor, Mr. Speaker, in anticipation of the question that the organization—the OD evolution, the organizational development evolution—in the aspect of disaster risk reduction and climate change has been moving towards—if you put very critical agencies or instruments closer to the user rather than from their context. Kaya unang-una po, kapag tiningnan mo, ako po, napag-aralan ko na rin po iyong DOST. Ano ba talaga iyong string that essentially attaches these two? Ang pinaka-attachment po talaga is through their GIA, grants-in-aid, na kung saan po, halimbawa, taga-PAGASA ka, puwede kang humingi, para po sa inyong pag-aaral, ng grants-in-aid. The heart and soul of the attachment except perhaps because this is a science-based institution, but in practical terms, the reliance or dependence of PAGASA and PHIVOLCS to the DOST is essentially through the funding of their research which can also be done by the Department of Disaster Resilience.

REP. VILLARIN. Well, I think the issue here is, again, because as we all know, that the science-based and scientific, well, rigor that is needed for predicting typhoons and other natural calamities should be devoid of politics, because again the problem here is, if it would be put in a department in which the head of that department has practically no science or has no technical and scientific knowledge about such weather disturbances, that head, he or she can veto any scientific determination. I think that always happens, especially right now when there is an incoming typhoon, when there is habagat, kaya nag-aaway palagi, halimbawa, kung sino ba ang magde-declare na walang pasok? Sa ngayon, kung ipapasok natin ito sa DDR, ang hahanapin ng mga estudyante para magdeklara nito ay ang DDR. Tama po iyan?

REP. SALCEDA. Tama po, pero siya din po ang puwedeng mag-set ng guidelines para po sa mga local government units at saka DepEd.

REP. VILLARIN. So, hindi na si mayor.

REP. SALCEDA. Hindi naman po, kasi nga, magse-set po ng guidelines. Halimbawa, kapag sinabi ni DDR, “hoy, tatama ito sa inyo, 240 mm rainfall, pagkatapos ay 140 kph ang lakas ng hangin,” aba, ay puwede. Ako po, nauutusan po ako ng OCD noong panahon po ako ay Governor at talagang halos sinasabihan na, “hoy, magpalabas ka na ng advisory.” Naniniwala kasi ako, Sir, you know, sa regularity ng ating mga technocrats at saka ng mga bureaucrats; at kasing tiwala din po ako sa ating mga scientists na nagsipag-aral po sa UP at sa ibang bansa na hindi po sila basta-basta madadala ng sinasabi ninyo kanina na puwedeng manghimasok po ang politika. Ang mas kailangan iwasan po ay iyong oras o ang tinatawag namin po sa disaster response na “golden hour.” Ito po ang panahon kung saan kapag nagkaroon po ng government intervention, you can still save more lives, you can still save more properties from getting damaged if you do it immediately. Samakatuwid, Your Honor, Mr. Speaker, if you do the integration or what you can call “internal coordination” inside the department, then you increase the prospects for the “golden hour.” Inilalagay natin closer to the user, and the principal user now of PAGASA will be the DDR, Your Honor, Mr. Speaker, as well as the public.

REP. VILLARIN. Well, in the present set-up, we already have these guidelines like there is this yellow, orange or red alert but it is discretionary on the LGUs. So, now, when there is an alert, an orange alert, okay, then it would be incumbent upon the DDR na siya po iyong dapat magpatupad. Ano ang kanyang powers para panghimasukan, halimbawa, iyong mga LGU? Ang unang problema diyan, halimbawa, hindi ba, ang dami nating informal settlers.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. Again, ang problema, hindi ba, sila po iyong una talagang tinatamaan kapag may bagyo. So, iyong DDR, dahil nga tinanggal na natin si DILG, siya ang manghihimasok sa mga LGUs para sabihin na ilikas na ang mga communities sa low-lying areas.

REP. SALCEDA. Tama po. Iyong word naman pong sinasabi ay “advice.”

REP. VILLARIN. Advice lang?

REP. SALCEDA. Advice to evacuate.

REP. VILLARIN. So, kapag hindi ililikas ng mga LGUs,...

REP. SALCEDA. Judgment call nila na walang mamamatay, na maa-achieve iyong zero casualty.

REP. VILLARIN. So, precisely, it is still the same...

REP. SALCEDA. Hindi po.

REP. VILLARIN. ... framework dahil ngayon ang DILG at ang NDRRMC ay nagbibigay ng advice.

REP. SALCEDA. Kasi nga ho...

REP. VILLARIN. Again, it is up to the LGU—doon sa kanilang operation, iyong Oplan Likas dito sa mga...

REP. SALCEDA. Ganito po iyon...

REP. VILLARIN. ... communities na most likely ay talagang tatamaan. Kung ganoon din iyong framework, walang capacity o walang power iyong DDR na puwersahin na ilikas itong communities.

REP. SALCEDA. Mayroon po. Unang-una po, Mr. Speaker, hindi ho namin nire-repeal iyong Republic Act No. 10121. The primacy for response remains with the local government units. It is only because of the empirical evidence that, in so many high-profile catastrophes in this country, the national effort was not organized simply because of the lack of a national framework or one single responsible agency and therefore, we had to rely on too much coordination, as shown by the sunset review.

So, Mr. Speaker, hindi ho namin tinatanggal sa LGU dahil, siguro, mas susunod ka sa kapatid mo kaysa sa hindi mo kakilala. Samakatuwid, nandoon pa rin po iyon subalit iyong pagbibigay po ng kapasidad kung wala pa po iyong disaster at pangalawa pa, kapag andiyan na po iyong disaster, ay iyong kakayahan po to distill information or interpret the information coming, let us say, from PAGASA or PHIVOLCS, the information on the complex interaction between the geological features that may result in a landslide coming from the MGB and, let us say, the hydrometeorological information coming from PAGASA, will now be put into a more cohesive advisory that will essentially be done by the Department of Disaster Resilience. So, Mr. Speaker, mayroong kakayahan po sila at hindi ho natin nire-repeal, hindi ho natin tinatanggal dahil mas marami pa nga pong pera para sa disaster ang LGU pero ang kaso, ito ay kinukulang dahil some areas face more risks than others and usually, those areas with more risks have less

money and they are poorer simply because they face more risks—doon po papapasok. In fact, it is a national instrument for inter-transfers, of transfer of resources po para mapunuan po iyong gap between the risks and the resources in certain areas.

So, in answer, Mr. Speaker, mayroon silang kakayahan pero nagsisimula po lahat iyan sa isang warning na manggagaling po sa PAGASA. Halimbawa po, Mr. Speaker, kung nasa DOST ka, may malaking bagyo, sasabihin mo muna sa DOST Secretary bago mo ibigay kay DDR kasi pagagalitan ka ng DOST Secretary dahil iyon ang supervisor mo. Ngayon po, kapag may nakita kang malaking bagyo, bibigay mo kaagad sa boss mo, “Boss, may malaking bagyo.” Dapat gumawa na tayo ng contingency plan o kagaya po sa amin sa Albay, a series of advisories na kapag lumapit iyan, lumakas pa iyan, ito iyong advice. Halimbawa, ngayon po, Mr. Speaker, kasi harvest time na po sa Cagayan Valley, siguro sa ngayon po o bukas, ang pinaka-advisory ko po, kung iyon po ay sa ilalim ko, ay dapat may early harvesting of crops. So, iyon po, kailangan po natin diyan ang science and at the same time po, iyong relationship ng science to action or to praxis, Mr. Speaker. Nakita ko kasi si ano, kaya nagamit ko iyong pangalang praxis.

REP. VILLARIN. Well, iyong mga nabanggit po ninyo, Mr. Speaker, about this preparedness, mga advisories, sa ngayon ay ginagawa naman iyan.

REP. SALCEDA. Opo.

REP. VILLARIN. In fact, iyong mga advisories, even the science-based ones, ay talagang immediately iyong PAGASA, mayroon na kaagad na warning and in fact, because of advances in science on weather monitoring, and of course, because of social media, ay napaparating na kaagad sa taong-bayan iyong anumang potential na magiging impact ng isang bagyo. But, again, in the sunset review, ang sinasabi dito, isang major na naging weakness ay iyong implementation of laws and policies. It cited the lack of governance and weak enforcement of disaster management-related laws like, with regard to establishments, iyong sinasabi ninyong land use planning na problema at iyong usapin din sa compliance with the Building Code requirements, iyong ating ECC requirements, and even the requirements for the 40-meter easement in coastal areas. I think, during Yolanda, iyon po ang talagang badly hit, iyong mga nasa coastal areas. But, again, because it is within the purview of the LGUs to do that, ano iyong ating guarantee sa enforcement of national laws kasi doon magsisimula. Sasabihin ba ng DDR, “Okay, itong mga LGUs na hindi compliant with DRRM-related laws, ano iyong parusa? Ano iyong kanilang sanctions?” So, again, it is really a collaboration among the different

agencies and the LGUs na nasa lead enforcement. Will the DDR provide the necessary—siyempre, again, parang carrot and stick ito, like when the DILG, iyong enforcement of its preparedness plan, sinama ba nila iyan sa mga indicators for the Performance Challenge Fund for LGUs to receive this bonus or incentive. Ibig sabihin, iyong DILG, parte ng kanyang mandato, hindi lang to provide sanctions, but to provide incentives for the LGUs to comply, ay sinasama nila iyan sa indicators of ...

REP. SALCEDA. SGLG.

REP. VILLARIN. ... SGLG. So, now, for the DRR, ano ang kanyang approach with regard to the noncompliance or lack of implementation of laws and policies with regard to the DRRM?

REP. SALCEDA. Unang-una, Mr. Speaker, really, the answer is capacity-building both for planning as well as providing resources or resource-mobilizing. Pagdating po doon sa mga awards, mayroon din naman pong mga award na naging recipient po din tayo, sunod-sunod, ang Gawad Kalasag, subalit, Mr. Speaker, iyong pagbibigay po ng award ng DILG, naka-base po sa napakarami pong dapat i-comply sa napakarami pong batas. Samakatuwid, isa sa mga batas kung saan puwede nilang ipagkait ang SGLG ay kung hindi nila ipapatupad itong bagong batas sa DDR, Mr. Speaker. Pangatlo, Mr. Speaker, ang kasagutan diyan ay mas mahigpit po tayo ngayon sa atin pong mga prohibited acts at iyong mga penalties. Doon po, mas specific, mas klaro at mas matindi po, Mr. Speaker.

REP. VILLARIN. Hinggil sa usaping ito, nabanggit natin dito, una, ang problema sa compliance ng mga environmental laws at isa na diyan iyong solid waste management, iyong usapin sa tamang pagtapon ng basura at basically, may mga batas na tayo para dito kaya ang problema really is the enforcement. Ngayon, ang sinasabi ninyo is, Mr. Speaker, sa panukala, kukunin ng DDR...

REP. SALCEDA. Hindi po.

REP. VILLARIN. Hindi kukunin? Advisory lang ang gagawin uli nila?

REP. SALCEDA. Hindi po. Basta tutulong sila sa DENR, halimbawa, kasi mas palagian na po iyong interaction ng Departamentong ito sa mga local government units patungkol lang po sa mga peligro o disaster risks. Iyon naman po lang ang buod ng Departamento, ito ay disaster risk, na sa atin pong konteksto, ang Pilipinas bilang—kung minsan no. 1,

kung minsan no. 3—third highest most vulnerable to disasters po, not just to climate change but especially to the complex interaction between climate change and our geological features, Mr. Speaker. So, hindi ho namin kukunin. Mas positibo po ang direksiyon po nito.

Kitang-kita ko po ito, at alam po ninyo po, Sir, hindi naman sa pag-aano, sa Albay, 1994 pa po kami mayroong permanent Disaster Management Office, the first Management Office of any LGU in the entire Asia. Samakatuwid, Mr. Speaker, kailangan lang siguro na mabigyan ng kapasidad ang lahat po ng local government units upang po maisagawa kung ano ang nakakabuti para sa kanilang komunidad at nakakabuti para sa ating ekonomiya. Samakatuwid po, naka-focus lang po sila, ang DDR, sa isang sentrong elemento at iyon po ay disaster risk. Unang-una, na ito ay mapababa; pangalawa, na maiwasan; pangatlo, na harapin; at pang-apat, maibalik at maisulong po ang dangal o dignidad po ng mga pamilya at komunidad.

REP. VILLARIN. Well, congratulations on the Albay experience. Alam ko po na ang daming literatura hinggil sa disaster preparedness at response kung saan nababanggit po iyong Albay, and I congratulate the good Sponsor for putting that into this proposed measure.

REP. SALCEDA. Salamat po.

REP. VILLARIN. Now, let me go to another issue. With regard to—again, this was taken or culled from the sunset review on the monitoring of disaster fund expenditures. Of course, as the Sponsor mentioned, palaki nang palaki iyong ating ina-allocate sa Calamity Fund.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. VILLARIN. But, again, in a study, iyong sinasabi ho nating QRF—I think this is the Quick Response Fund—there is no available data that we could use to assess the degree of the disaster fund's adequacy. So, I think that came out in that review. As what the Gentleman has mentioned, dahil magi-increase pa iyong allocation for the Calamity Fund, would the DDR also be in-charge of doing the performance audit on the adequacy for which these funds have been used? Again, in so doing, iyan po ba ay within the authority ng DDR?

REP. SALCEDA. Ibinibigay po ito ng Kongreso. Unang-una, kailangan po magkaroon ng isang monthly status report ng utilization po ng pondo. Pangalawa po, Mr. Speaker, nandito po iyan sa Section 21, iyong pag-monitor po nito. Alam po ninyo, sa isang local government chief executive, the Calamity Fund is the

most sacred fund because it saves lives. Samakatuwid, Mr. Speaker, kung minsan, sa ilang electorate, puwede o dahil sa kung ano pa mang bagay, bago po makarating sa COA, ay kailangan po na may isang ahensiya ang gobyerno para po dito, unang-una, para makasiguro na ito ay ginagamit sa tama at pangalawa, na ito ay sapat. Ito po ang isa sa mga trabahong ibinibigay po natin na nasa isa sa mga sections po dito, basically po sa page 31 po ng Bill na nandiyan po sa harap nating lahat, at doon din po sa page 53 kung saan po nakalagay na dapat may monthly utilization report po iyong Calamity Fund. Pang-apat po pala, itong Calamity Fund po ay kailangan din i-appropriate, before the start of the year, by all local government units. So, apat na bagay po.

REP. VILLARIN. Well, I laud you for that, good Sponsor, for putting those into the measure but, again, this is a very big task because we have how many LGUs—1600 municipalities, 180 cities, and 81 provinces, excluding barangays, having that function to really monitor the QRF; what the funded activities, services, projects and accomplishments are; and the timing of the fund used. Minsan kasi, first quarter pa lang ay inuubos na nila iyong 70 percent at kadalasan, alam mo na, nagagamit din sa pulitika. Kasi ang sikreto sa LGU, kung gusto mong manalo sa isang election, dapat magaling kang gumamit ng iyong Calamity Fund. I hope that it does not speak about Albay.

REP. SALCEDA. Wala pong ganoon.

REP. VILLARIN. Again, iyan po ang mga haka-haka, may mga ganoong kuro-kuro, tungkol sa usapin ng timing of the use of the Calamity Fund because, as we all know, iyong use ng Calamity Fund, kumbaga, ay nasa LCE, sa local chief executive. Nandoon sa kanya iyong ganoong power. But, again, the way forward is really to identify a systemic use of such fund at kung talagang nagagamit iyan sa tamang panahon para sa tamang beneficiaries for that fund. Of course, again, part of the review ay ang usapin din ng slow disbursement of funds from the national government. So, ngayon, of course, iisa na lang ang sisihin natin kung bakit kahit na iyong pondo ay nakalagak sa isang ahensiya like the DPWH, kapag hindi magaling iyong DDR mo ay, siyempre, hindi niya mapukpok si DPWH; or ang isang option ay ang lahat ng infra funds for recovery and rehabilitation ay hawakan ni DDR. So, may mga ganoong options.

REP. SALCEDA. Iyon po ang nasabi ninyo.

REP. VILLARIN. Kung hahawakan iyan ni DDR, again, the question will also be, will it solve itong slow disbursement? Kasi ang daming usapin diyan sa implementation, usapin sa mga road right-of-way, usapin po sa absorptive capacity ng areas na

tinatamaan ng disaster. In the experience of Yolanda, practically, iyong mga LGUs doon ay walang capacity. So, iyong ini-expect natin that, within three months, makaka-recover sila, hindi talaga mangyayari. Yolanda, kumbaga, became the new norm for what we should expect from a disaster and given that new norm, again, we want to have a DDR that would address that. So, the challenge is, again, fund disbursement which is very critical in areas affected by these natural disasters. With this proposed measure, will the slow disbursement of funds be addressed and will there be no more excuses from the national government na hindi kaagad na-download o na-implement iyong funding?

REP. SALCEDA. Ganoon nga po kasi nga po, imbes na iyong isang pondo ay nasa QRF, halimbawa, ito ay nasa DPWH kaya pabalik-balik po iyon. Unang-una, dadalhin ng LGUs sa kanila at pagkatapos ay iba-validate nila at ibibigay na naman sa Bureau of Maintenance ng DPWH at iba-validate din ng kanilang DE. Sa gayon po, lampas na po iyong period ng state of calamity kung saan mayroong flexibility para maisagawa iyong mga proyekto kaya po lalong mas mapapabilis kung iisa lang po sila. Sila ang magba-validate, bahala na po ang COA sa kanila at bahala na po ang taong-bayan kung sila po ay nagbabantay sa gobyerno dahil at the end of the day, talaga naman trabaho po ng taong-bayan na bantayan po ang lahat ng ahensiya ng gobyerno. Kahit DDR o DPWH iyan ay kailangan po talagang bantayan.

Sa pananaw ko po, Mr. Speaker, mas mapapabilis dahil hindi na po maraming mga coordinative meetings—small group, big group, at kung minsan ay may summit pa. Kung minsan, kailangan pong pag-usapan para iwas kung sino ang puwedeng masisi. Ngayon po, isa lang ang sisisihin, iyong DDR lang po.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). May we remind the good Gentleman that you have already consumed the one hour already.

REP. VILLARIN. I will just wrap up, Mr. Speaker. Again, I laud the objectives of this proposed law. Ang haka-haka ko lang—my reservation is, when you create a new agency, the lag between it becoming fully operational and really hitting the ground ay mataas.

Of course, again the issue, Mr. Speaker, good Sponsor, of the budget and having this new bureaucracy that would be created out of this Department. Of course, right now, kung titingnan ho natin iyong GAA, practically 60 percent ng ating GAA ay Personnel Services and so, madadagdagan na naman ito and we have these incremental increases. That would leave CO and MOOE na talagang paliit nang paliit. So, iyon ang aking mga concerns. Of course, if these concerns can be

addressed with this new law na wala nang sisihihin or we will expect na handang-handa tayo, mas handang-handa pa sa Boy Scouts iyong ating bagong Department of Disaster Resilience, well, I will give you that benefit of the doubt.

REP. SALCEDA. Salamat po.

REP. VILLARIN. Again, as I have said, there are still reservations and hopefully, in the period of amendments, we could have some proposed measures.

REP. SALCEDA. Salamat po.

REP. VILLARIN. Thank you for the time, Mr. Speaker, and good Sponsor.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

REP. ALONTE. Mr. Speaker, may we recognize the next interpellator, Cong. Carlos Isagani “Caloy” T. Zarate of BAYAN MUNA Party-List.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Honorable Zarate is recognized.

REP. ZARATE. Thank you, Mr. Speaker. Puwede ho bang mapaunlakan tayo ng ilang katanungan para malinawan ang ating tinatalakay na batas mula ho sa ating kagalang-galang na Sponsor?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. ZARATE. Maraming salamat po. Mr. Speaker, Your Honor, ang ilang mga katanungan ko ay nabanggit na rin kanina ng ating kasamahan, kaya mga ilang punto na lamang.

Tama po ba ang aking assumption na dito sa ating pinapanukalang batas, tayo ay gagawa ng masasabi nating parang isang mega department or super agency that will manage sa usapin po ng ating mga disasters?

REP. SALCEDA. Hindi naman po. Unang-una, hindi ho appropriate sa tindi po ng climate change at ang complex interaction nito sa atin pong geological features. Samakatuwid, Your Honor, Mr. Speaker, inaangat lang po iyong level ng ating government para po sapat na tugunan iyong peligro.

REP. ZARATE. Salamat po, Your Honor, Mr. Speaker. In the recent past, siguro ang pinakamatinding naranasan nating disaster o hagupit ng kalikasan ay ang nangyari sa Kabisayaan noong panahon ng Yolanda na, kung maaalala po ninyo, ay tumama din ito sa ilang bahagi ng Luzon at Mindanao. Noong panahon na

iyon, Your Honor, Mr. Speaker, hindi po ba mayroon na din tayong isang ahensiya na siyang itinalaga natin sa kaukulang batas na siya iyong mamamahala para natin matugunan ang mga sakunang ganito? Tama po ba iyon?

REP. SALCEDA. Wala po.

REP. ZARATE. Ano po ang naging papel noong ...

REP. SALCEDA. Ang NDRRMC po ay isang konseho.

REP. ZARATE. Isa po siyang konseho pero mayroon ho siyang ...

REP. SALCEDA. May mga inuutusan po siya na mga departamento.

REP. ZARATE. Tama po. Nandiyan po iyong Office of Civil Defense, tama po ba?

REP. SALCEDA. Iyan po ang nagko-coordinate bilang isang secretariat, Your Honor, Mr. Speaker, pero iyong pondo po ay nasa DPWH, DSWD at various agencies, pati tao.

REP. ZARATE. So, kung pag-uusapan ang pondo, nakakalat sa iba't ibang mga ahensiya at wala ito sa kontrol ng Office of Civil Defense. Tama po ba iyon?

REP. SALCEDA. Hindi po.

REP. ZARATE. At wala din...

REP. SALCEDA. Dadaan po, dahil ito po ay isang konseho kung saan ang Chairman po ay ang Secretary of National Defense. So, kung ano man po ang mga napagkasunduan doon ay, “Hoy, ikaw na bahala dito, mag-provide ka ng bente mil na sakong bigas. Ikaw, magpadala ka ng ganoon.” Samakatuwid, Your Honor, Mr. Speaker, iyong Office of Civil Defense po ay secretariat lang po at taga-alalay po siya.

REP. ZARATE. Salamat po. Gusto ko lang sundan uli iyong nabanggit kanina ng ating kasamahan. Sa kasalukuyang sistema po ba natin ay walang akmang ahensiya na puwedeng natin ilagay doon ang usapin kung paano tutugon at paano pangangalagaan ang ating mga komunidad sa panahong tatamaan tayo ng disaster? Nabanggit kanina ang isa sa pinakamalapad na ahensiya o departamentong ito ay andiyan naman, iyong DILG. Puwede po bang malinaw na makuha natin ang punto ng kagalang-galang na Sponsor, Mr. Speaker, kung bakit kailangan pa tayong magbuo ng bagong departamento na dagdag-burukrasya na naman ito, Mr. Speaker?

At this juncture, Deputy Speaker Abueg relinquished the Chair to Deputy Speaker Raneo “Ranie” E. Abu.

REP. SALCEDA. Unang-una po, it saves lives. Kung natutugunan po nila talaga iyan, bakit marami pa ring namamatay, marami pa ring nasisira? Samakatuwid po, Your Honor, Mr. Speaker, walang naka-concentrate talaga sa mga disaster dahil po ikinalat po iyong lahat ng functions, iyong apat na areas po ng disaster action, to so many actors in the government. Pangalawa po, iyong mismong DILG rin, siguro, mga apat na libong batas ba ito o 10,000 laws that are essentially now almost being implemented, binabantayan po ang LGUs sa pag-i-implement po ng 11,000 laws of the land, Mr. Speaker. So, ang disaster risk ay isa lang sa marami po na binabantayan under Republic Act No. 10121, kung saan in-assign sa kanila iyong isa sa mga aspeto na ang tawag po ay disaster preparedness.

REP. ZARATE. Salamat po, G. Isponsor. Hindi po ba nitong mga nakaraang panahon, tayo nga ay gumugol ng napakalaking pondo para, kung magamit ko iyong inyong tinuran kanina, to capacitate the local governments sa usapin po ng disasters. Hindi ho ba puwedeng itong ating panukala ngayon, sa halip na gumawa pa ng isang bagong departamento ulit, ay ilagay na natin doon sa existing department na siya ring unang may poder, halimbawa, sa usapin po ng mga local government units?

REP. SALCEDA. Hindi nga po kasi iyong disaster reduction ay nasa DOST, ang disaster preparedness ay nasa DILG, ang disaster response ay nasa DSWD at ang disaster rehabilitation ay nasa NEDA. So, hindi ho puwede, hindi po kakayanin. Kaya magkakaroon po tayo, unang-una, it is either makokompromiso ang buhay ng tao o iyong kanilang quality of life, o makokompromiso po iyong ekonomiya ng isang komunidad kung ibibigay natin sa isa sa kanila dahil po sa batas ngayon ay ikinalat po ang mga functions patungkol po sa disaster action.

At this juncture, Deputy Speaker Abu relinquished the Chair to Deputy Speaker Frederick “Erick” F. Abueg.

REP. ZARATE. Salamat po, Mr. Speaker. Maitanong ko lang ho ito, dahil ang bukambibig po mula sa kasalukuyang administrasyon ay bigyan ng mas malaking poder ang local government units, kaya nga isinusulong nila halimbawa, iyong usapin ng pederalismo. Ito ho ngayon, parang nakikita ho natin na sini-centralize ulit ang isang napakahalagang function at usapin ng governance. Hindi ho kaya ito ay pag-atras natin doon sa usapin ng decentralization?

REP. SALCEDA. Hindi po. Ang ini-integrate lang po ay iyong national effort, Your Honor, Mr. Speaker. Ni isa pong function ng local government ay wala hong ibinabalik sa national ng proposed law na ito. Nilalagyan lang po ng tagabantay upang masunod po para may tig-isang tagabantay po ng pagsunod sa Republic Act No. 10121. So, Your Honor, Mr. Speaker, wala ho kaming binabawi. In fact, mayroon kaming idinadagdag through capacity building po ng mga local government units para gawin nila iyong aspirasyon nila, iyong goal nila bilang isang komunidad, na iyon po ay ma-articulate ng kanilang comprehensive land use plan, pero lalagyan po natin ng siyensiya at lalagyan po natin ng climate proofing at disaster proofing po ang kanilang plano.

REP. ZARATE. Salamat po, Your Honor. Mr. Speaker. Tama rin po ba na dito sa ating panukalang batas ay may iilang ahensiya, halimbawa, ang PAGASA, ang PHIVOLCS, ang Mines and Geosciences Bureau ng DENR and even the Bureau of Fire Protection ay,...

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. ZARATE. ...correct me if I am wrong, dito na ho ba sila mapapailalim sa ahensiyang ito?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. ZARATE. So, lahat ito, even the Bureau of Fire Protection, halimbawa, ay aalisin na sa DILG at ilalagay sa DDR.

REP. SALCEDA. Tama po. Magkukumpas na po, kasi sa buong mundo po—hindi naman sinasabi ko lang—standard norm na po na tumutugon po sa halos lahat ng disasters, iyong forest fire at iyong pagbaha ay isang Bureau of Fire Protection po.

REP. ZARATE. Yes. In fact, sa napakaraming bahagi po ng mundo, ang usapin talaga ng disaster ay nasa kanilang Interior Ministry.

REP. SALCEDA. Tama po.

REP. ZARATE. Kaya nga ho tinatanong ko iyon kanina—we already have our own Department of the Interior pero dito ay gumagawa ho ulit tayo ng isa pang departamento, isang burukrasya, at sa halip o kung ano man ang naisip o gusto nating mandato na ibigay natin dito sa DDR na ito ay puwede namang idagdag sa mandato ng ating Interior Department kung gugustuhin po natin, dahil nga siya na ang mayroong kapasidad sa kasalukuyan; at sa buong bansa, siya na rin iyong may mga ahensiya na puwedeng gumanap ng functions na we envision dito ho sa DDR na ito.

REP. SALCEDA. Mr. Speaker, it is because it is a high national imperative. It is an existential threat to the Philippines as we know it, Your Honor. Why do you need a Department of Agriculture when you can integrate it, let us say, with other departments, Your Honor? This is very specific and huge because, kung hindi natin ito gagawin ay baka mas marami pong mamamatay at wala hong presyo iyon, mas marami po ang masisira sa ating ekonomiya—ay lalong-lalo na pong masisira sa mga pamilya at sa mga barangay. So, it is of the highest national imperative dahil nag-i-intensify po ang climate change.

Ang Pilipinas po ang number three, ang number one po ay Tongga, ang number two ay Vanuatu, pero kapag iko-consider mo po ang populasyon, number one ho tayo kung i-weighted average mo po ang risks. Samakatuwid, Your Honor, it is simply because of our geostrategic location that we are the doormat of the typhoons. Second, that we are in the ring of fire. Third, that we are in the seismic belt. Fourth, because of our urbanization dahil sa rapid population growth po, lalo na sa ating mga siyudad.

REP. ZARATE. Salamat po, Your Honor. So, sinasabi po ba natin na ang sagot sa lahat ng problemang ito ay kailangang gumawa ng bagong departamento, o sinasabi natin na kailangang tugunan natin iyong problema sa pamamagitan ng pagtiyak na iyong mga programa natin ay nakakatugon doon sa mga problema?

REP. SALCEDA. Unang-una, Your Honor, alam naman natin na ang climate change po—siguro, may consensus po, lalong-lalo na sa developing countries—kailangan po may isa talagang tumugon, lalong-lalo na sa climate change adaptation, na dapat may aksiyon hindi lamang po sa paggawa ng polisiya, kundi mismo ang pagsasagawa ng mga proyekto at programa para po ma-address ang epekto ng climate change. Pangalawa po, Your Honor, hindi lamang po iyong laki kundi iyong consequences ang mas importante kung kailangan po nating i-move iyong buong bansa mula po sa pag-respond sa pag-reduce po ng mga peligro kasi given na po ang climate change, given na po na ang Pilipinas ay nasa Western Pacific. Halos lahat po ay given. It is essentially what you do about them that shapes the direction and the complexion of the national welfare, especially the vulnerable.

REP. ZARATE. Hindi ho tayo nagkakatayo diyan. I also agree with you on that aspect. Now, Your Honor, dahil ho may mga ahensiya, halimbawa, Mines and Geosciences Bureau, siya ay nasa Departamento ng Kalikasan or DENR.

REP. SALCEDA. Opo.

REP. ZARATE. Dadalhin na natin siya sa DDR.

REP. SALCEDA. Opo.

REP. ZARATE. PAGASA is now with the DOST ...

REP. SALCEDA. Pero iyong sa MGB, iyong geohazard lang.

REP. ZARATE. ...PHIVOLCS and the others...

REP. SALCEDA. Yes, po.

REP. ZARATE. Ang tanong ko po: hindi ho ba maapektuhan ang functionality ng mga ahensiya na ito na sila ay kukunin mo doon sa kanilang departamento na nandoon ang kanilang expertise at dadalhin mo at ipaghahalo-halo sila dito sa isang departamento?

REP. SALCEDA. Sinuri ko na po iyong sinasabing expertise, Your Honor, kung ano po ang nagsu-sustain ng DOST patungkol po sa PAGASA, iyong access lang po sa grants-in-aid. In fact, sila po ang nakakapagpalaki sa budget po ng DOST. It is not the DOST budget making the PAGASA budget bigger, it is actually the PAGASA budget making the DOST budget bigger.

Pagpunta naman sa PHIVOLCS—kaya kapag sinuri mo po, punta lang po tayo sa website ng lahat ng mga ahensiyang ito. The agency is created to mitigate disaster risk. Iyan po sa PHIVOLCS. Pumunta naman po tayo sa PAGASA at halos word for word, iyon din po ang nakasaad. Ang ibig sabihin po, iyong disaster mitigation po ang kanilang pinaka-kontribusyon to nation-building. Kaya po sila nag-e-exist ay dahil po sa disaster mitigation.

REP. ZARATE. So, for the record, kung sinasabi ninyo na hindi maapektuhan iyong kanilang functionality bilang isang ahensiya, especially as a scientific agency, ano ho ang katiyakan na kapag ipapasok sila rito sa ahensiyang ito, iyong efficiency nila ay hindi ho maapektuhan at, in fact, hindi sila dagdag na problema lang sa isang lumalaking burokrasya, Your Honor?

REP. SALCEDA. Unang-una, hindi naman ho sila gagalawin. Ipapasok lang po sila sa management and supervision po ng bagong departamento. Pangalawa po, Your Honor, kapag babalikan po ninyo, na-create po ang PAGASA dahil po sa AFP weather monitoring. Hindi po siya creation ng Department of Science and Technology. Pangalawa po, Your Honor, kapag tiningnan mo po kung nasaan ang National Weather Service sa US, under po ito ng Department of Trade and Industry kasi siya po ang principal user. Kapag tiningnan mo naman po iyong USGS, nasaan po siya nakaluklok? Nakaluklok po siya

sa Department of the Interior at hindi po sa isang DOST. Ang relasyon po ng mga ahensiyang ito sa DOST ay access to grants-in-aid as well as, of course, sa mga research funds po ng DOST.

Ang DDR po ay may kakayahan upang mapanatili ang paglago ng siyensiya sa loob po ng mga ahensiyang ito. If we look at the evolution of its organizational design, it is essentially moving towards the user rather than what you might call, a scientific context, Your Honor.

REP. ZARATE. Salamat po, Your Honor. So, lilinawin ko lang din po uli. Ang ibig sabihin nito, kapag naging batas na itong ating pinag-uusapan ngayon at maitayo ang isang bagong departamento o ang Department of Disaster Resilience, ang mga ahensiyang ito, essentially, ay ililipat na dito sa DDR. Tama po ba iyong kuha ko?

REP. SALCEDA. Tama po, i-absorb sila.

REP. ZARATE. Ia-absorb na sila.

REP. SALCEDA. Pero wala pong resignation, wala pong retirement. They are just absorbed. They will be the same, there will be no diminution; it is just the supervision, Your Honor. Halimbawa po, nagmi-meeting ang executive management, let us say, ng DDR, magiging kasama po ag kanilang heads of agencies doon po sa executive management meeting na iyon.

REP. ZARATE. Okay, lilipat ho ako sa isang usapin. Doon ho naman sa usapin ng budget nito, mayroon na bang projection po, halimbawa, kung itinayo natin ang Departmentong ito, with these absorbed departments and probably, additional bureaus na gagawin? Ano po ang nakikita nating magiging budget nito sa hinaharap, Mr. Sponsor, Mr. Speaker?

REP. SALCEDA. Unang-una, Your Honor, kapag sinuma-total mo iyong lahat po na may existing budgets, ito ay nasa P30.25 billion na po.

If we assume, Your Honor, that these are the resources, together with the Calamity Fund that the State will use against climate change, climate risk and geological risk, Your Honor, then, it will be more proportional than the current P1.3 billion that the OCD has. Second, Your Honor, kung lahat po ng mga ahensiyang ito ay napag-isa, in fact, Your Honor, may isang ahensiya ang DSWD, iyong kanilang community—there is another one, iyong kay Usec. Hope V. Hervilla.

REP. ZARATE. Disaster Response Assistance and Management Bureau.

REP. SALCEDA. Yes po, tuwang-tuwa po siya dito sa pagbuo nito. Siya mismo po ang pumunta para sabihin na ito ay isama natin, kaya isinama po namin ito pong DREAMB. Kaya nga po, Your Honor, kung sa mga dagdag, sa pananaw ko, Your Honor, ang P10 billion po o additional P8.7 billion, Your Honor, we can have a fully-functioning Department of Disaster Resilience on its first year.

REP. ZARATE. Maraming salamat po, Your Honor. Tama po ba rin ang aking pagkaintindi na kapag naging batas na ito at naging isang Departamento na siya, all our disaster-related funds will be managed by this new Department? Tama po ba, halimbawa, iyong QRF, iyong NDRRM Fund, iyong People's Survival Fund, et cetera.

REP. SALCEDA. Opo, tama po. Kasi mas maraming nawawala sa back and forth, Your Honor—nawawalang oras at siguro, nawawalang ibang bagay.

REP. ZARATE. By the way, just for the record po, as we speak now, how much is this fund that we are talking about, halimbawa, QRF, NDRRM Fund.

REP. SALCEDA. Twelve po iyong isa.

REP. ZARATE. Iyong People's Survival Fund.

REP. SALCEDA. Opo. Iyong isa, one billion, hindi pa ho iyon nagagalaw.

REP. ZARATE. One billion pesos lang po?

REP. SALCEDA. Opo. Hindi ho iyon nagagalaw kasi, iyon nga po, ang problema ho natin sa execution ay tumambling po iyan papunta sa DOF.

REP. ZARATE. So, iyong one billion pesos na iyan ang ima-manage na pondo?

REP. SALCEDA. Ay, hindi po. Well, in the new...

REP. ZARATE. Iyon po ang aking katanungan. Sa ngayon ho kasi ay nakakalat ang mga pondong ito?

REP. SALCEDA. Hindi po, siya na lang po ang ...

REP. ZARATE. Kapag naging isang departamento na ito, lahat ng pondo ay hahawakan na ng DDR, ano?

REP. SALCEDA. Opo. Wala na ho tayong QRF na assigned to DOH, assigned to, ano, siya na.

REP. ZARATE. So, siya na ang maghahawak?

REP. SALCEDA. Opo, lahat.

REP. ZARATE. Paano po iyong nasa ating mga lokal na pamahalaan?

REP. SALCEDA. Mayroon ho silang sariling Calamity Fund na five percent na inaangat po natin sa seven percent at saka mayroon tayong additional funds for them kung siya ay isang third to sixth-class municipality. Ito ay para po sa kanilang capacity building, Your Honor.

REP. ZARATE. Salamat po, Your Honor. Nitong nakaraan po, Your Honor, isa sa malaking puna dito sa disaster funds na ito, at ito ay napuna rin ng COA, ay ang pagma-manage ng disaster funds. Mayroong mga pondo na dapat sana ay papunta doon sa disaster-related projects ngunit ginamit sa ibang kapamaraan. Kaya nga po hanggang ngayon, ang tagal-tagal na noong nangyari sa Yolanda, at kahit na iyong usapin ng Emergency ...

REP. SALCEDA. Shelter Assistance Program, ESAP.

REP. ZARATE. ... ESAP ay hanggang ngayon, hindi na siya naging emergency dahil hindi pa rin natatanggap ng ating mga kababayan. So, paano ho ito sa ahensiyang ito, mapa-plug iyong ganoong usapin, Your Honor?

REP. SALCEDA. Sila na lang po—isa na lang ho ang sisihihin ninyo, Your Honor. Ngayon kasi po, puwedeng nandoon sa NHA at kung saan-saan po. Kaya nga po ngayon, we are trying to pin the duty and responsibility, and the liability, as well as the functions and resources, for this national imperative, Your Honor. So, mas lilinaw po iyong one to one correspondence between expenditure and utilization.

REP. ZARATE. Hindi po ba, Your Honor, Mr. Speaker, kapag naisentro sa isang ahensiya o sa isang departamento ang napakalaking pondong ito ay mas lalong nagiging delikado ang ating pondo publiko for corruption?

REP. SALCEDA. I think it is situational po, Your Honor. Base po sa mga pag-aaral ko, noong ako po ay nag-aaral pa sa Asian Institute of Management, nakadepende po iyan sa konteksto. Kaya sa pananaw ko, Your Honor, hindi naman po centralization kundi dahil sa integration ng lahat ng disaster functions sa isang departamento na uupo sa Gabinete ay mas lalong magiging visible and therefore, more accountable,

mas madali pong hanapin, at mas madali pong makita kung hindi po nila ginagawa o hindi nila ginagamit ng tama.

Hindi katulad po noon na may mga maliliit na ahensiya na kung saan-saan, sa NHA, OCD—sa ngayon po, iyong OCD na ang magiging buod po nito, na siya pong magiging sentro ng DDR at uupo sa Gabinete. Lahat po ng programa ng gobyerno, “Hoy, huwag iyan, bawal iyan, DOTr.” “Masisira ang ating ano...” “Dadami ang disaster kapag iyan ang ginawa mo.” “Hoy, ikaw Laguna Lake, lalong babaha kapag iyan ang ginawa mo.”

In other words, Your Honor, many of these programs will essentially attain the kind of national visibility that we require.

REP. ZARATE. Salamat, Your Honor. Nilatag ninyo po, kanina pa at hanggang ngayon, na napakahalaga ng Departamentong ito. Ang susunod ko hong katanungan, sa atin hong umiiral ngayon na kalakaran, kahit na sa pagpopondo, sa pagba-budget, iyong mga batayan, serbisyong pampubliko, mga front-line agencies ay tinatapyasan ng budget. Napakaganda ng inyong mga sinabing objectives nitong pagtatayo ng Departamentong ito.

Now, Your Honor, ang tanong ko po ay, ano po ang kasiguruhan ng ating mamamayan na bibigyan ito ng tamang pondo ng ating pamahalaan at ng ating gobyerno in the sense that, nakikita nga natin ngayon na sa mga front-line agencies ay cut ng cut ang ginagawa natin, Your Honor?

REP. SALCEDA. Your Honor, ewan ko kung ito na iyong lugar para pag-usapan iyan pero hihingin ko po ang inyong pasensiya. Ang budget ho natin ang natapyasan, 2018, ng P417 billion under the cash-based budgeting na na-implement na po ngayon. Samakatuwid, for next year’s budget, actually, it is up 13 percent, Your Honor, kasi base po ito sa absorptive capacity, iyong kakayahan ng ating mga ahensiya ay iyong matatapos nila ngayong taon, hindi nila iyon kakayanin lahat. So, nakaupo sila sa napakalaki po na mga resources, kaya po kung iyon ay iko-consider mo po, Your Honor, actually, pataas po iyong budget kaysa pababa. Kasi ang pinag-uusapan po dito ay iyong kapasidad ng ahensiyang ito, mapapansin ninyo, Your Honor, at naka laser-beamed, fixed and focused po ang Departamento. Isa lang po ang lyrics ng kantang ito, disaster risk.

REP. ZARATE. Salamat po, Your Honor. Pupunta na ho ako sa huling isyu na gusto ko hong maliwanagan. Nabanggit ninyo kanina na kahit doon sa usapin ay may nagpanukala from the DSWD na kahit iyong kanilang core function, for example, ...

REP. SALCEDA. Ibigay dito.

REP. ZARATE. ... on disaster will also be included at dadalhin na rito sa Departamentong ito. Matanong ko lang po, Your Honor, ilan ho ba ang nakikita nating mga kawani ng pamahalaan na inaasahan nating maaapektuhan sa panukalang batas na ito?

REP. SALCEDA. Iyong Bureau of Fire ay 22,000. Iyong OCD, magiging 1,600, sila sa ngayon ay 600. Wait, Your Honor. Ang tingin ko, Your Honor, ay 26,000 pero 22,000 on what is essentially from the Bureau of Fire.

REP. ZARATE. So, the biggest is from the Bureau of Fire.

REP. SALCEDA. Yes, Your Honor.

REP. ZARATE. What about from the DSWD?

REP. SALCEDA. I think, Mr. Speaker, mga less than 100.

REP. ZARATE. Less than a hundred.

REP. SALCEDA. Yes, Mr. Speaker, because we are really just getting their relief operations, lalong-lalo na iyong kanilang napakagaling na repacking center diyan sa Taguig...

REP. ZARATE. Salamat.

REP. SALCEDA. ...na gusto nating i-replicate sa mga central areas, sa areas na magaganda at well-located po. Siguro, sa North at sa South—sa Bicol, Iloilo, Negros, Cebu at apat sa Mindanao, Mr. Speaker. Kailangan nating ma-replicate iyong napakagandang practice po ng DSWD.

REP. ZARATE. Salamat po, Mr. Speaker.

REP. SALCEDA. Ibibigay ko po sa inyo, Mr. Speaker, ang listahan ng lahat ng mga affected employees.

REP. ZARATE. Yes, please. Mayroon ho bang matatanggal na mga kawani natin sa pamahalaan?

REP. SALCEDA. Wala po.

REP. ZARATE. So, sa lahat ho ng mga ahensiya na dadalhin natin dito, iyong mga kawani doon, will they be absorbed?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. ZARATE. If they will be absorbed, ilan ho ang tinitingnan nating full complement ng Departamentong ito in terms of personnel?

REP. SALCEDA. Sa tingin ko kasi, Mr. Speaker, kailangan po talaga iyong parang National Disaster Officer for local governments. Iyan po ang pinakamalaki—1,000 po kaagad iyon para sa lahat ng munisipyo, cities at saka po mga provinces. So, mga 1,400 kaagad po iyon. Kailangan lagyan mo po iyon para mabantayan, at makipag-ugnayan po sa local chief executive. Pati na rin po na continuous ang access nila sa capacity building resources po ng departamento. So, I would say, Mr. Speaker, an additional 2,000.

REP. ZARATE. Ilan ho?

REP. SALCEDA. Two thousand.

REP. ZARATE. Two thousand. Isa hong napakalaking problema talaga ito sa pamahalaan ngayon, ano, kaya I am also worried na mangyayari ito dito sa Departamentong ito—napakarami ho ang mga job orders natin and contractuels sa different departments, even sa DSWD. Alam ho ninyo iyan. Napakaliit ang kanilang bilang ng mga kawani diyan na permanente at mas marami ang job orders, contractuels and even contracts of service. I am also looking at the situation dahil itong gusto nating mabuong departamento, at ang ipinanukala ninyong gawing departamento, ang tanong ko po siguro, Mr. Speaker, hindi na ho mangyayari ang nangyayari sa ibang ahensiya na mayroong uli ng libo-libong mga contractuels o job orders dito sa Departamentong ito?

REP. SALCEDA. Mr. Speaker, kung 2000 po, wala. Ang problema lang po ay matagal ang DBM na gumawa ng OOSP. Iyan po iyong kanilang plantilla positions. Kaya nga po ay minabuti po namin, para we hit the ground running, na iyong mga existing po ay buuin kaysa po kami ay magtayo pa ng panibagong PAGASA, panibagong PHIVOLCS, panibagong MGB Geohazard at panibagong HEMS.

So, Mr. Speaker, mini-minimize natin except for, Mr. Speaker, iyong presensya po ng departamento sa bawat local government unit dahil ho inalis natin ang primacy po ng local government bilang pinakapangunahing first responder po; at siya po ang nagiging planner, first planner din po, para sa kanyang community. Sabi ko nga po, Mr. Speaker, 2,000, kaya kung matagal ang DBM, iyon din, 2,000 job orders.

REP. ZARATE. Salamat po, Mr. Speaker. Ang lumalabas dito, Mr. Speaker, ang magiging muscle talaga ng Departamentong ito ay ang Bureau of Fire, tama po ba iyon?

REP. SALCEDA. Sa response po...

REP. ZARATE. Sa response.

REP. SALCEDA. ...at saka sa training, Mr. Speaker, pero iyong training po ay basic life support o BLS. Siguro po, Mr. Speaker, sa pag-rescue, lalong-lalo na po sa mga damaged or collapsed structures, para po mas marami pong matuto po sa mga rescue, lalong-lalo na ang isa pong hindi masyadong napaghandaan ay iyon nga pong earthquake. So, base sa sinasabi ko na perfected na ho natin ang bagyo, subalit po, hindi ho tayo talaga at wala akong nakikita pong meaningful except po iyong mga drills na gustong-gusto ng mga estudyante dahil walang pasok.

REP. ZARATE. Maraming salamat po, Your Honor. Iyon lang po ang aking mga katanungan sa panukalang batas na ito.

REP. SALCEDA. Salamat po.

REP. ZARATE. Maraming salamat, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Majority Leader is recognized.

REP. ALONTE. Mr. Speaker, may we recognize the Hon. France L. Castro of ACT TEACHERS Party-List for her interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Abueg). The Gentlelady, Representative France Castro, is recognized.

REP. CASTRO (F.L.). Thank you, Mr. Speaker. Magandang hapon, Mr. Sponsor.

REP. SALCEDA. Gabi na.

REP. CASTRO (F.L.). Magandang gabi na pala. Kayo po ba ay handang tumanggap ng clarification, ng tanong?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Sa sinasabi ninyo kanina, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, ay hindi naman necessarily that this Department of Disaster Resilience, is a mega department? Hindi naman siya magiging mega?

REP. SALCEDA. Hindi po.

REP. CASTRO (F.L.). Upon reading po ng mga functions and powers ng Department na ito ay mainly coordinating department. Tama po ba iyon?

REP. SALCEDA. Hindi po. Ginagawa po niya mismo iyong disaster planning, pagtulong po sa LGU para makagawa po ng DRRMP nila, iyong kanilang

LCCAP o Local Climate Change Action Plan. So, iyon po ang pinaka, ano, dakilang sakristan po ng LGUs po. Your Honor, iyon ang kanya. Ang pari pa rin po ay iyong LGU po.

REP. CASTRO (F.L.). Sa tingin ba ng Sponsor na sa pag-create po ng ganitong klaseng departamento ay mas mapapabilis ang pag-respond sa mga disaster? Halimbawa po, mayroon na pong mga nakatayo sa LGU na mga ahensiya po natin para mag-respond sa earthquake or whatever. Sa tingin po ninyo ay mas mapapabilis kung mayroong Departamento?

REP. SALCEDA. Opo, dahil unang-una, mababawasan kung may CLUP ka na po, di wala na hong bahay kung saan nasa peligrong lugar o kung tulad doon sa amin sa Albay, wala na hong bahay sa loob po ng permanent danger zone kasi nga po nabigyan na po ng capacity ng DDR. Pangalawa po, Your Honor, mas mabilisan dahil may institutional arrangement na tayo na ang “boots on the ground” nitong Departamento is the Bureau of Fire. In that sense, Your Honor, hindi na sila tatawag sa taas, iyong taas ay tatawagan iyong Bureau of Fire, at pagkatapos, tatawagan pababa, so, iikot na po iyong instruction.

REP. CASTRO (F.L.). Diretso na?

REP. SALCEDA. Puwede pong dumeretso, Your Honor.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Mr. Speaker, kanina ang pangalan po ng department natin ay Department of Disaster Resilience. Dito po sa batas, sa pino-propose nating Bill, na-define po natin ang term “disaster.” Tama po ba, Mr. Sponsor?

Ang nakalagay dito sa definition natin ng “disaster” ay, “it refers to a serious disruption of the functioning of a community or a society involving widespread human material, economic or environmental losses and impacts which exceed the ability of the affected community or society to cope with its own resources.” So, ito po iyong definition natin ng “disaster.”

REP. SALCEDA. UN po iyan.

REP. CASTRO (F.L.). Ito iyong UN—how the United Nations defines “disaster.” Ang disaster po ba—kino-consider po ba natin, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, na mayroon mga natural disasters and at the same time man-made disasters?

REP. SALCEDA. Opo.

REP. CASTRO (F.L.). So, ito po ba iyong man-made disaster ay kino-consider din na puwedeng ma-address ng Departamento na ito?

REP. SALCEDA. Ang focus po talaga niyan ay sa natural disaster, Your Honor, pero dahil po sa kanyang expertise at kapasidad ay puwede po siyang i-call out. Halimbawa, utusan ng Presidente na iyong sa Marawi, Your Honor, hindi ho siya lalaban po doon, may baril pero iyong consequences po of the conflict ay puwede po siya o para mabawasan—halimbawa, iyong pag-manage po ng mga evacuation camps doon, Your Honor, kasi mas pagsunod sa standards, dahil po may mga standards po tayo o may mga panuntunan tayo po para po sa dangal, para sa human dignity, at dito po mahahasa po iyong Department of Disaster Resilience po, Your Honor.

So, in that sense, Your Honor, it can be called out.

REP. CASTRO (F.L.). Okay. Nagkakaintindihan po tayo doon sa meaning ng natural disaster, Mr. Sponsor, Mr. Speaker, ito iyong bino-brought out ng climate change.

REP. SALCEDA. Opo.

REP. CASTRO (F.L.). Sinabi ninyo kanina na, sa criteria kung gaano kabilis o karami iyong mga disaster na naranasan ng iba-ibang bansa, parang number one tayo sa Southeast Asia ...

REP. SALCEDA. Opo.

REP. CASTRO (F.L.). ... o sa buong bansa.

REP. SALCEDA. Sa buong mundo po.

REP. CASTRO (F.L.). Sa buong mundo. Ang natural disasters po, halimbawa, ito iyong mga typhoon, earthquake, volcanic eruption, including fire, tama po ba?

REP. SALCEDA. Yes, Your Honor, pero iyong iba po diyan ay human-induced. Pumapasok lang po iyong fire dahil po nandito iyong Bureau of Fire. Hindi ho natin aalisin sa kanila kasi, halimbawa, sa akin, Your Honor, sa 365 days po, nasa disaster mode lang ako ng limang araw. Kapag binasa mo po, halimbawa, ang periodicity o frequency ng fire, hindi ko naman sinasabi na ang Bureau of Fire ay nag-aantay lang ng sunog, pero, Your Honor, siya po iyong armas ng gobyerno na puwedeng gamitin dahil po talagang they are there to save lives, to stop the disaster kaya, kumbaga, may pagkaparehas po iyong kanilang functionality at ang Departamentong ito.

